Konsepto at Pag-asa ayon kay Ferriols

Jacklyn A. Cleofas

ABSTRACT

In this paper I discuss Roque J. Ferriols's understanding of and objection to using concepts for philosophical reflection. I show that Ferriols's objection to conceptual thinking can be diffused by a turn to Wittgenstein's notion of family resemblance. To illustrate the case, the focus is turned on hope, which Ferriols discusses in connection with his translation of Gabriel Marcel's "Sketch of a Phenomenology and Metaphysics of Hope" from French to Filipino. After giving an exposition of Ferriols's understanding of concepts and the basis of his objection to conceptual analysis and elaboration on conceptual schemes, I argue that a concept of hope is necessary for understanding and living out the mysterious and fleeting experience that Marcel describes in his essay. Finally, I suggest that adopting a Wittgensteinian understanding of concepts in a philosophical reflection on hope requires it to be informed by psychological, ethnographic, and other related empirical findings about the phenomenon.

KEYWORDS: Ferriols; hope; Marcel; Wittgenstein; concept; family resemblance

Ganito ang aking pakay: ilahad ang batayan at hangganan ng pagtutol ni Ferriols sa pangongonsepto[1] upang patunayan na hindi taliwas sa pamimilosopiya ang madalas at masusing paggamit ng mga konsepto. Ipakikita ko rin na mahalaga

[1]Pinakamalapit na marahil na paggsasalin ng "pangongonsepto" ang "conceptual analysis" o "elaboration on conceptual schemes" na nauunawaan bilang isang natatanging metodo sa pamimilosopiya.

ang punto ni Ferriols ukol sa panganib na dalá ng labis na pagiging abalá ng mga namimilosopiya sa mga konsepto. Ngunit sa ganang akin, kung gagamit táyo ng ibang pag-unawa ng konsepto, maaari pa rin nating gamitin itong karaniwang kasangkapan ng pag-iisip upang lalo pa nating maunawaan ang ating mundong ginagalawan at ang ating sarili. Gáling kay Ludwig Wittgenstein ang alternatibong pag-unawa ng konsepto na aking tinutukoy. At ipaliliwanag ko kung paano naging akma ang idea ni Wittgenstein sa mga sinabi ni Ferriols sa pamamagitan ng halimbawa ng pag-asa. Sa tulong ng alternatibong pag-unawa ng konsepto, maaari nating ipaliwanag ang nilalaman ng konsepto ng pag-asa, suriin ang mga hangganan nito, at tasahin ang ating kakayahang isalaysay ang depinisyon ng konsepto ng pag-asa.

Sa susunod na bahagi, ilalahad ko ang di-puwedeng maputol na ugnayan ng paggamit ng konsepto—ang pagmumuni ukol sa meron. Matapos ito, makikita natin ang mga suliraning dalá ng pangongonsepto ng "taong tamad."[2] Nakatuon naman ang sumunod na bahagi sa pagtalakay sa pag-asa. Bago magwakas, magbibigay ako ng maikling paglalahad ng pag-unawa sa konsepto ayon kay Wittgenstein.

ANG MERON AT ANG KONSEPTO

Ganito sinimulan ni Ferriols ang kaniyang obra maestra: "Mayroon tayong mga isip na may nilalaman at may mga hangganan."[3] Bago niya talakayin ang "meron," ang talagang totoong nangyayari,[4] nagtuon muna siya ng pansin sa galaw ng isip

---

Sa pamamagitan ng metodong ito, sinisiyasat ng mga pilosopo ang ugnayan ng mga bagay at pangyayari sa lugar at panahon, ang ugnayan ng sanhi at epekto, atbp.

[2]Si Ferriols mismo ang nagbansag sa táong gumagamit ng konsepto sa maling paraan bilang tamad. Ayon sa kaniya, isang uri ng katamáran ang pangongonsepto; ilalahad ko ang buod ng kaniyang sinabi ukol sa pangongonsepto ng táong tamad sa mga sumusunod na pahina.

[3]Roque J. Ferriols, SJ, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991), 1.

[4]Imposible marahil ipaliwanag nang lubusan ang ibig sabihin ni Ferriols sa katagang "meron," ngunit kailangan pa rin nating subukin. Ang pinakamalapit na mga salitang kasingkahulugan ay kung ano ang umiiral o nag-eeksistensiya. Kapag may kailangan akong isulat at tinanong kita, "Meron ka bang bolpen?" ang isip ko ay nakatuon sa bolpen mong maaari kong mahiram. Ngunit posible na sa guniguni ko lang na merong bolpen na ganito kayâ nga tinatanong kita kung meron ka bang bolpen. Kung ang sagot mo ay meron, ang laman ng aking isip pala ay may katugmang bagay na umiiral sa mundo. Sa pamamagitan ng karaniwang gamit ng salitang "meron" tulad nito, tinutukoy ni Ferriols ang sinaunang pinagmulan ng pagtataká ng mga pilosopo: ang talagang totoong nangyayari at umiiral na hindi basta inimbento lámang ng táong nag-iisip. Karaniwang hindi natin napapansin ang ganitong paggamit ng salitang "meron" sapagkat mas interesado táyo sa susunod nating kailangang gawin; sa kaso

ng táong nagmumuni-muni ukol dito. Wika niya, ang bawat laman ng ating isip ay napaliligiran ng tila malinaw na mga hangganan. Halimbawa, kung talagang nakakita na ako ng punòng santol at naranasan ko na ang iba't ibang mga katangian nito, hinding-hindi ko mapaghahalo sa aking isip ang punòng santol at ang punòng saging. Magkaiba ang katawan, ang mga dahon, at mga bunga ng dalawang punò. Bukod pa rito, bagaman tinatawag nating punò ang saging, malinaw rin sa akin na hindi ito punòng kahoy; tinatawag lámang itong punò nang pahambing. Sa halimbawang ito, makikita natin ang pagiging magkaugnay ng laman ng aking isip at ng talagang totoong umiiral sa labas ng aking isip. Kapag tumpak ang mga medyo malinaw at medyo malabòng hangganan ng laman ng aking isip, sinusunod nito ang medyo malinaw at medyo malabòng mga hangganan ng kung ano ang meron sa aking paligid.

Para kay Ferriols, hindi káyang sapuhin ng ating isip ang lahat ng ating nararanasan. Maging ang ating karanasan mismo ay limitado kompara sa yaman ng talagang totoong umiiral sa ating abot-tanaw. Upang táyo'y makapag-isip pa rin sa kabila ng ganitong pagkalimitado, bumubuo táyo ng mga konsepto. Ang mga konsepto ay tila mga sisidlan na nililikha ng ating isip upang kahimanawari'y may masaló pa rin táyo ukol sa meron. Sa pamamagitan ng mga konsepto, ang ating isip ay nagkakaroon ng mga laman na may hangganan. Ayon kay Ferriols, ang "conceptus" ay isang katagang Latin na tumutukoy sa galaw ng ating isip habang pinagmumuni-munihan natin ang meron:

> Ang conceptus ay isang inilihi at binuo sa sinapupunan ng ina. Tinutukoy ng conceptus ang isang buhay na bunga ng bisa ng ina at hindi ina. Ang taong nag-iisip, babae man siya o lalaki, maihahambing sa inang nagbubuo ng sanggol sa kanyang sinapupunan. Ang binubuo ng taong nag-iisip, ang kanyang pinakaanak ay ang nilalaman ng kanyang isip: mga bunga ng bisa ng siya at hindi siya.[5]

Marahil inihambing ni Ferriols ang pagsilang ng konsepto sa ating isip sa pagsilang ng sanggol sa isang ina upang maunawaan natin na kapag gumamit táyo

---

ng aking halimbawa, ang magsulat. Ngunit kung táyo'y namimilosopiya nang may katinuan, maaari nating matuklasan sa sagútang ito ng magkaibigan na hindi lámang posible na walang bolpen ang isa sa kanila kundi posible ring wala ang isa sa kanila:

"Meron ka bang kaibigan na mahilig kumanta?"

"Meron! Si Pining!"

Subalit maaaring hindi ko naging kaibigan si Pining; maaaring naging kaibigan ko siya ngunit hindi siya mahilig kumanta; maaari ring walang táong Pining na puwede kong kaibiganin dahil hindi nagkakilala ang kaniyang mga magulang. Sa gayon, maaari rin na wala ako. Ganito táyo natatauhan sa pagiging nakapagtataká ng kung ano ang meron at kung ano ang wala.

[5]Ferriols, *Pambungad*, 3.

ng konsepto sa paraang inilarawan niya, nagbubunga ito ng di-inaasahan at patúloy na tumutubòng pag-unawa. Palalawigin ko pa ang imaheng ibinigay ni Ferriols: di-inaasahan ng ina ang mga katangian ng kaniyang anak kahit na paulit-ulit pa niyang naranasan ang mga katangian nilang mag-asawa. Mahiwagang sorpresa pa rin ang unang pagsilay ng ina sa kaniyang anak. At kahit pa masasabi ng isang ina na higit ang kaniyang pagkakakilala sa anak kompara kaninuman, nakapagtataká pa rin para sa isang ina ang pagkatao ng bata habang ito’y lumalaki.

Nagbigay si Ferriols ng dalawang depinisyon ng konsepto. Una, “kaisipan na may malinaw na nilalaman at tumpak na hangganan.”[6] Sapagkat nakatuon itong unang depinisyon sa pagiging malinaw at tumpak, iba ito sa natalakay na bilang conceptus. Walang kinalaman ang malinaw na nilalaman at tumpak na hangganan sa imahen ng ina na nagsisilang ng sanggol. Ikalawa, “Depinisyon ng bungang-isip: konseptong inilubog muli sa pinanggalingang pagtataka; tigib sa pagtataka, naging bahagi na ng udyok ng pagtataka.”[7] Mula sa dalawang depinisyong ito maaaninagan natin na may dalawang uri ng paggamit ng katagang “konsepto” sa *Pambungad sa Metapisika* ni Ferriols. At mas malapit dito sa ikalawang paggamit ng konsepto ang mga natalakay na bilang mga sisidlan na ginagamit ng ating isip upang maunawaan ang meron.

Ang ikalawang uri ng paggamit sa salitang “konsepto” na aking mas binibigyang-diin dito ay kaugnay ng mabungang pag-iisip. Hindi malayò sa imahen ng inang nagsisilang ng sanggol ang ikalawang depinisyon ni Ferriols. Maraming yaman na maaaring matamo mula sa bungang-isip sapagkat ang táong nag-iisip sa pamamagitan nito ay hindi nakatuon sa pagguhit ng hangganan sa paligid ng kaniyang pinag-iisipan. Bagkus, siya ay patúloy na bumabaling sa sinaunang pinagmulan ng kaniyang pagtataká. Buháy at tumutubò ang nilalaman ng isip ng táong ito sapagkat buong sikap at sipag niyang pinagmamasdan ang partikular na meron na siya niyang pinagtatakhan. Habang tumatagal, mas marami siyang natutuklasan hindi lámang tungkol sa partikular na meron na siya niyang pinagtutuunan ng pansin kundi pati na rin sa kaniyang abot-tanaw at sa kaniyang sarili. Kabaligtaran ang nangyayari sa táong tamad.

Para kay Ferriols, habang buháy at tumutubò ang pag-unawa ng tao, gayundin ang mga konsepto sa kaniyang isip na siya niyang ginagamit upang pagmunihan ang meron. Instrumento ng ating pag-iisip ang mga konsepto. Kung gayon, bakit naging di-kanais-nais ang pangongonsepto? Bakit nga ba nagiging kontrabida ang tingin sa táong nabansagang mahilig mangonsepto? May kinalaman marahil ang sagot sa isang panganib na laging kaakibat ng paggamit ng anumang instrumento.

[6]Ibid., 29.

[7]Ibid., 29.

Gaano kahusay o kapolido man ang pagkakagawa sa isang instrumento, maaari pa rin itong gamitin sa mali o mapaniràng paraan.

Sa madali't sabi, ang mali o mapaniràng paggamit ng konsepto ay nangyayari kapag nakalilimutan ng tao na ito ay instrumento lámang. Ganito ang mahihinuha natin sa mga sinabi ni Ferriols. Makalilimutan natin na marami pa táyong di-alam o may aspekto pa rin ng meron na hindi nasasaló ng ating mga konsepto. Halimbawa, kung inakala nating hanggang sa malahayop na asal lámang ang maaari nating makita sa mga tsonggo, magiging bulag táyo sa kakayahan ng mga ito na magmalasákit sa ibang hayop pati na sa tao.[8] Gayundin, maaaring hindi lumalim ang pag-unawa natin sa meron kung pagkakaabalahan natin nang todo ang pagtatakda ng mga hangganan sa paligid ng konsepto.

Isang uri ng maka-Kartesyanong pag-iisip ang kumakatawan sa pagkakamaling tinutukoy ni Ferriols.[9] Sinikap ni René Descartes na tumukoy ng mga idea na "malinaw at may tiyak na hangganan" (clear and distinct) upang makapagtatag ng saligan ng kaalamán. Maaaring tiyak at mabisà ang kaalamáng dulot ng punto de bistang ganito, ngunit nananatili itong bulag sa kayamanan ng iba't ibang uri ng kaalaman at samot-saring sistema na maaaring sakupin ng malinis na sintesis.

Sa kabila ng mga panganib na kaakibat ng pangongonsepto, sinabi ni Ferriols mismo na hindi mali ang mangonsepto. Ang sa kanya ay "habang nagtataka ang tao, hindi niya paliligiran ng guhit ang kanyang nalalaman. Ang konsepto ay sangkap na mahalaga, ngunit sangkap lamang, instrumento sa pagpapairal sa pagtataka ng tao."[10] Sa palagay ko, mahalagang lampasán ang ganitong negatibong pahayag. Meron pa táyong masasabi na dapat bigyang-diin: na maaari nating pagsamantalahan ang bisà ng konsepto upang pag-ibayuhin ang ating pag-unawa sa meron. Tatalakayin ko sa mga sumusunod na pahina kung paano mas mabuting maiiwasan ang panganib na kasáma ng paggamit ng konsepto.[11] Simple lámang

---

[8]Ayon sa primatologong si Frans de Waal, may kakayahan ang mga unggoy (monkeys) at ang mga tsonggo (apes) na umunawa at tumugon sa pangangailangan ng iba. Heto ang isang halimbawa: matanda na at may sakit sa puso ang bonobong si Kodigo nang dalhin siya sa palahayupan ng Milwaukee County. Litong-lito si Kodigo sa ipinagagawa sa kaniya ng mga tagapag-alaga ng hayop doon. Hindi nagtagal, nilapitan siya ng iba pang bonobong nakatirá doon upang gabayan at aliwin kahit na noon lámang nila nakita si Kodigo (de Waal, *Our Inner Ape*, 178–79). Tatalakayin muli ang halimbawang ito sa susunod na bahagi. Tingnan ang *Good Natured* (Cambridge: Harvard University Press, 1996) at *Our Inner Ape* (New York: Riverhead Books, 2005), parehong akda ni de Waal.

[9]Hindi tuwirang tinukoy ni Ferriols ang pangalan ng mga pilosopong nangongonsepto bagaman binansagan niya ang mga ito bilang neo-Kantiano. Sa susunod na bahagi, tatalakayin ko itong tinatawag ni Ferriols na neo-Kantianismo at ang kaugnayan nito sa maka-Kartesyanong pag-iisip.

[10]Ferriols, *Pambungad*, 28.

[11]Hindi ko sinasabi na lubusang maiibsan lahat ng panganib na kasáma ng paggamit ng konsepto. Sa halip, ipakikita ko na mababawasan ang posibilidad na humantong sa sinasabi ni Ferriols na hungkag

ang aking punto: kung iibahin natin ang ating pag-unawa sa mga konsepto sa pamamagitan ng mga sinabi ni Wittgenstein ukol sa mga konsepto o katagang magkakahawig gaya ng mga miyembro ng isang pamilya (family resemblance terms or concepts), maiiwasan nating piliting gawin ang imposible at ang trahedya ng pagkakulóng sa mga hungkag na kaisipan. Ayon kay Wittgenstein, mahalagang pagtuunan ng pansin ang karaniwang paggamit ng mga partikular na konsepto kagaya ng “laro” (game; *Spiel*) upang makita na ang linaw at katiyakan ng mga konsepto ay inimbento lámang ng mga pilosopong mahilig sa esensiya. Kayâ nga ang kinakailangan lámang ay lumayô sa makaesensiyang pag-iisip, hindi sa paggamit ng konsepto. Sa palagay ko, imposible sa tao ang mag-isip nang hindi gumagamit ng konsepto sapagkat para sa mga limitadong nilalang kagaya natin, maaari lámang magkaroon ng laman ang ating isip kung magtatakda táyo ng hangganan.

ANG PANGONGONSEPTO NG TÁONG TAMAD

Minsan kung makapagsalita ang mga namimilosopiya ayon sa paraang sinimulan ni Ferriols, parang kalaban ng masusi at maingat na pagmumuni-muni ang paggamit ng konsepto. Sa mga ganitong talakayan, maaaring makarinig ng ganito:

“Puro konsepto lang iyang mga pinagsasasabi mo!”

“Wala táyong mapapalâ sa usapang tungkol lámang sa purong konsepto.”

“Meron ba talaga ang binibigkas mo? Bakâ naman gumagalaw ka lang sa mundo ng purong konsepto.”

Kapag may bumigkas ng mga pangungusap na ganito, marahil ay ibig niyang sabihin na walang pagtubò ng pag-unawa sa meron na nagaganap. Ayon kay Ferriols, nagaganap ang ganitong kawalan ng pag-unawa kapag ang táong dapat sanang masikap na nagmumuni-muni ay sinusumpong ng katamáran. Maaaring mangyari ito kaninuman; bihira ang táong may kakayahang maging masipag sa bawat sandali.

Para kay Ferriols, may ilang uri ng katamáran na maaaring maging sagabal sa ating pagsisikap magpasameron. Kabilang dito ang katamáran na dalá ng pagbaling sa mga konsepto; marahil ito ang pinakamalaking sagabal sa ating pagpapasameron. Ganito inilarawan ni Ferriols ang katamárang dala ng pagbaling sa konsepto:

> Unti-unting humihina ang kaloobang bumaling sa meron. May pagkabagot, pagkaluma, na nararanasan sa malay tao. Nagiging hindi na bungang isip ang mga konsepto, kundi

na pag-unawa kung gagamit táyo ng mga konsepto sa paraang iminumungkahi ko.

> batong tuntungan na paninindigan: Alam ko na. Ang dami ko nang naranasan. Nakita ko na iyan.
>
> . . .
>
> Kasabay ng katamaran bumaling sa meron, madalas tumutubo ang sipag at tiyaga sa pag-imbento ng mga bagong kombinasyon ng konsepto, pag-imbento ng mga bagong konsepto, mga bagong istorya, atbp. na ginagawang kapalit ng talagang meron. Ang binibigkas ay konsepto o sistema, hindi meron. Pumapayapa ang loob. Kay linaw! Lahat ay nailahad na! Nanggagaling ang kapayapaan sa pakiramdam na nilupig ang meron.[12]

Malayò sa bungang-isip ang konsepto o sistema na binabanggit ni Ferriols dito. Kayâ nga masasabing dito sa paglalarawan ng katamárang ito nakabatay ang una niyang depinisyon ng konsepto: kaisipan na may malinaw na nilalaman at tumpak na hangganan. Gáling ang linaw ng nilalaman sa maliit na bahagi ng meron na minsang nasaló ng táong naging tamad. Imbes na aminin na maliit lámang na bahagi ng meron ang nasaló, pinaligiran ang limitadong pag-unawa ng mababagsik na hangganan at ikinakabit sa iba pang kaparis na konsepto upang makabuo ng sistema. Para kay Ferriols, ang ganitong paggamit ng konsepto ay medyo kahawig ng purong matematika—tigib sa abstraksiyon at walang tuwirang kinalaman sa mga partikular na bagay.

Mahalaga ang mahigpit na pag-unawa sa salitang "tumpak" dito sa unang depinisyon ni Ferriols. Kapag abalá ang táong nag-iisip sa pagiging mabagsik ukol sa pagtanggap ng tamang sagot, natutuon ang kaniyang pansin sa hangganan ng tama at mali. Dahil dito, madali niyang makalimutan o mapabayaang pag-isipan ang nilalaman ng kaniyang mga kaisipan. Kinakailangang maging tumpak ang pagguhit ng hangganan sa paligid ng isang konsepto kayâ't nagiging mas mahalaga ang mga abstraksiyon, ang sistemang maaaring likhain mula sa mga ito, at ang masinop na istorya na batay sa hinuha ng nag-iisip imbes na sa talagang nangyayari.

Sa puntong ito, maaaring pumapasok ang tinatawag ni Ferriols na aktitud neo-Kantiano.[13] Itinuturing niyang malaking "sagabal sa pagtahak sa landas ng wastong

---

[12]Ferriols, *Pambungad*, 50. Mula sa sinulat ni Ferriols mismo itong tila bersong pagkakaayos ng mga kataga ukol sa katamáran.

[13]Muli, hindi tinukoy ni Ferriols ang pangalan ng mga tinatawag niyang neo-Kantiano. May dalawang pangkat ng palaisip noong katapusan ng ika-19 na siglo at simula ng ika-20 siglo na karaniwang tinatawag na neo-Kantiano. Ang una ay iniuugnay sa Marburg at kinabibilangan nina Hermann Cohen, Paul Natorp, at Ernst Cassirer. Ang ikalawa naman ay iniuugnay sa Baden at kinabibilangan nina Wilhelm Windelband at Heinrich Rickert (Anthony K. Jensen, "Neo-Kantianism," sa *The Internet Encyclopedia of Philosophy*, http://www.iep.utm.edu). May ilang mga naging neo-Kantiano na tinatawag na "logical empiricist," mga taong naniniwala na ang mga pangungusap lámang na maaaring patunayan

pag-unawa" ang aktitud na ito.[14] Ayon sa kaniya, nilulutas ng mga neo-Kantiano ang mga suliranin ng táong nagsisikap umunawa sa meron sa pamamagitan ng pagsuko at pagtitiyagang lumikha ng sarili niyang kahulugan. Para sa neo-Kantiano,

> Nasa bawat tao ang kakayahan at galing na lumikha ng kanyang sariling kahulugan, humubog ng kanyang sariling halaga. Pag-aksaya lamang ng panahon kung tatanungin ng tao kung ang kanyang linikhang kahulugan at hinubog na halaga ay nasa meron o wala, sapagkat tiyak na isa lamang ang maisasagot: "Hindi ko alam at walang nakakaalam."[15]

Sa gayon hindi masamâ para sa neo-Kantiano na mamalagi na lámang sa mga konsepto na nilikha ng ating isip nang hindi na nag-aabalá pa sa kung ano ang meron sa ating abot-tanaw. Sapagkat para sa kanila, wala nang iba pang maaaring gawin. Mga konsepto, halaga, at nilikhang sistema lámang ang meron. Para kay Ferriols, itong pagsusukong ito ng posibilidad na makipagtagpo sa mga bagay na iba sa atin ang huli at pinakamasahol na hakbang tungo sa pagkákulóng sa loob ng ating isip, sa ating sarili.

Mahigpit ang pagtutol ni Ferriols sa aktitud neo-Kantiano sapagkat para sa kaniya, ni hindi pinapayagan ng punto de bistang ito ang pagkakaiba ng palagay o mabungang diskurso: "Ang taong di-sumasang-ayon sa kanila [ang mga may aktitud neo-Kantiano] ay mag-aaksaya lamang ng panahon kung makikipagdebate upang makita kung sino ang mananalo sa tagisan ng mga pangungusap."[16] Dito natin makikita ang kaibuturan ng pagtutol ni Ferriols sa pangongonsepto at sa pagbabalangkas ng sistema. Tinatanggihan niya ang isang uri ng imperyalistang pag-iisip na hindi man lámang nag-iiwan ng puwang para sa mga alternatibong pananaw. Tinatanggihan din niya ang uri ng pag-iisip na humahantong sa pagpapanggap na alam na ng tao ang lahat sapagkat maaaring basta na lámang isantabi ang mga bagay na hindi magkakasiya sa mga makinis na hulmahan ng malaarkitekturang sistema.

Marahil maidadagdag natin na habang nalulugod ang tao sa kaniyang sariling pag-unawa, nagiging mas madali para sa kaniyang makalimutan na sa bawat pagkakataong kinokonsepto natin ang isang partikular na meron, tinatalikuran natin ang maraming bahagi o aspekto nito. Bukod pa rito, kapag táyo'y bumubuo

---

o pabulaanan ang makahulugan. Kabilang dito sina Hans Reichenbach, Rudolf Carnap, Moritz Schlick, at Carl Hempel. Sa kanila at sa iba pang pilosopo ay puwede ring ilapat ang pagtutol ni Ferriols.

[14]Roque J. Ferriols, SJ, *Pilosopiya ng Relihiyon*, ikalawang edisyon (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2001), 18.

[15]Ibid., 19.

[16]Ibid., 24.

ng konsepto, tinutuunan natin ng pansin ang alam na natin. Sa gayon, saglit nating isinasantabi ang hindi pa natin alam. Balikán natin ang halimbawa mula sa mga sinabi ni de Waal ukol sa mabuting asal ng mga tsonggo. Ayon sa kaniya, napatunayan na sa larang ng primatolohiya na hindi lámang ang mga tao ang nagpapamalas ng makatáong asal. Nariyan ang mga tsimpanse na namamahagi ng pagkain sa mga kapuwa tsimpanse, ang isang babaeng bonobo na nagsumikap huwag saktan at palayaing muli ang nahuli nitong ibon, ang pag-aabalá ng mga batang tsimpanse para sa may sakit nilang kalaro, at marami pang iba.[17]

Kung bago sa akin lahat ng mga kuwentong ito, maaari kong isipin, lalo na kung ako'y sinusumpong ng katamáran, na halos walang pagkakaiba ang tao at tsonggo. Tinatawag ni de Waal na walang pakundangang antropomorpismo (uncritical anthropomorphism) ang ganitong pag-iisip.[18] Kapag nag-isip ako ng ganito, nililimot ko ang maraming pagkakaiba ng tao at tsonggo. Higit sa lahat, tinatalikuran ko ang nakapagtatakáng katotohanan na parehong-pareho at magkaibang-magkaiba ang tao at tsonggo. Pareho ang kakayahan nilang humawak sa pamamagitan ng limang daliri pero sa ganang ating káyang unawain, walang naisulat na tula, naiguhit na larawan, o naitayông templo ang mga kamay ng tsonggo.

Madaling piliting maging simple ang palaisipan ng pagkakaiba at pagkakapareho ng tao sa tsonggo. Kung basta na lámang natin itatakda ang mga hangganan ng ating konsepto ng tao at ng tsonggo, maglalaho ang palaisipan.[19] Wala nang kailangang isipin, wala nang kailangang pagtakhan. Ngunit mangyayari lámang ang ganito kung masisiyahan na táyo sa linaw na matatamo mula sa mga konseptong kinatha ng ating isip at inihiwalay natin sa meron na siyang bukal na pinanggalingan nito. Ibayong sipag at alaala ang kailangan upang hindi maging permanente ang paglimot sa hindi natin alam at sa aspekto ng meron na hindi nasaló ng ating binuong konsepto. Ang maingat na paggamit ng antroposentrismo na ipinagtatanggol ni de Waal sa larang ng primatolohiya ay isang magandang halimbawa ng mabungang paggamit ng konsepto. Ayon sa kanya, nagiging mapanganib ang antropomorpomismo kung ito'y nangangahulugang walang pagkakaiba ang tao at hayop. Ngunit mabunga sa

[17]de Waal, *Good Natured*.

[18]Frans de Waal, *Primates and Philosophers* (Princeton: Princeton University Press, 2006), 64. Isang kongkretong halimbawa ng walang pakundangang antropomorpismo, ayon kay de Waal, ang aklat na *The Hidden Life of Dogs* na sinulat ni Elizabeth Marshall Thomas (Boston: Houghton Mifflin, 1993). Ayon kay de Waal, "There is quite a difference between the use of anthropomorphism for communicatory purposes or in order to generate hypotheses, and the sort of anthropomorphism that does little else than project human emotions and intentions onto animals without justification, explication, or investigation. The uncritical anthropomorphism of Marshall Thomas is precisely what has given the practice a bad name, and has led critics to oppose it in all its forms" (*Primates and Philosophers*, 64).

[19]Tinatawag ni de Waal na "anthropodenial" ang ganitong pag-iisip (*Primates and Philosophers*, 65).

dalawang nibel ang antropomorpismo kung sa larang ng primatolohiya, nagiging batayan ng pagbuo ng mga haypotesis na maaaring suriin sa siyentipikong paraan o, sa larang ng pag-unawa ng tao sa ibang hayop at sa kaniyang sarili, nagiging batayan ito ng patúloy na pagtatanong at pagmumuni-muni ukol sa pagkakapareho at pagkakaiba ng tao at ng tsonggo.[20]

Madaling matukso ang bawat tao na isiping siya'y nagiging masipag kahit na sa katotohanan ay hindi naman. Dahil sa ganitong tukso, pinaaalalahanan táyo ni Ferriols ukol sa maling paggamit ng konsepto na nagkukubli imbes na nagpapalinaw sa hangganan ng ating nalalaman.

KAILANGAN NATIN NG KONSEPTO NG PAG-ASA

Sa mga nakaraang pahina nakita natin ang mga panganib na kaakibat ng pangongonsepto ayon kay Ferriols. Sa bahagi namang ito, ilalahad ko ang mabungang paggamit ng konsepto sa pamamagitan ng isang halimbawa. Merong bukod tanging karanasan na kailangang konseptuhin: ang pag-asa. Dahil mahiwaga at di-tuluyang nananatili ang mahalagang karanasang ito, makatutulong ang konsepto sa ating pag-unawa at patúloy na pagmumuni-muni ukol dito. Tinalakay ni Ferriols ang karanasan ng pag-asa sa kaniyang aklat na *Pilosopiya ng Relihiyon*. Dito isinalin niya ang "Sketch of Phenomenology and a Metaphysics of Hope" ni Gabriel Marcel bilang "Balangkas ng Isang Penomenolohiya at Isang Metapisika ng Pag-asa."[21]

Bago natin tuluyang talakayin ang pag-asa, mahalagang ipaliwanag muna ang metodong ginamit ni Marcel sa kaniyang sanaysay na siya rin namang metodo na ginamit ni Ferriols sa kaniyang pagmumuni-muni ukol sa pakikipagtagpo sa banal.[22] Ayon kay Ferriols, "Gumagamit si Marcel ng isang uring penomenolohiya:

---

[20]de Waal, *Primates and Philosophers*, 67.

[21]Inilimbag sa Pranses ang sanaysay na ito noong 1944 sa aklat na *Homo Viator: Prolégomènes à une métaphysique de l'espérance*. Isinalin ni Emma Craufurd sa Ingles ang *Homo Viator* noong 1952. Sapagkat ang kaniyang sanaysay ukol sa pag-asa ay halaw mula sa isang panayam na ibinigay ni Marcel habang hindi pa natatapos ang ikalawang digmaang pandaigdig at ang Pransiya ay kasalukuyang nasa ilalim ng pamamahala ng mga Aleman, hindi mahirap para sa kaniyang magbigay ng mga halimbawa ukol sa karanasan ng kadiliman at pag-asa (Cain, Gabriel Marcel's Theory of Religious Experience [New York: Peter Lang, 1995], 111). Bukod sa pagsasalin ng sanaysay ni Marcel, nagbigay si Ferriols ng labimpitong pahina ng tinatawag niyang "panimulang pagtalakay . . . halo-halong paglagom, komentaryo't pagmumuni-muni" ukol sa teksto (*Pilosopiya ng Relihiyon*, 47).

[22]Hindi bahagi ng aking pakay sa papel na ito ang siyasatin ang pag-unawa ni Ferriols kay Marcel o ang hatulan kung tapat ang pag-unawang ito sa talagang sinabi ni Marcel. Binabanggit ko ang paglalarawan ni Ferriols sa metodong ginamit ni Marcel sapagkat isinasakatawan nito ang pag-iwas sa

gumagalaw ang pagmumuni-muni sa malay tao: kanyang malay tao, ating malay tao. Hindi sa 'tuktok ng ulo,' sa isang laro ng mga purong konsepto; ni sa 'init ng dibidb,' sa pagpapatangay sa mga alon ng damdamin; kundi sa pagmumulat o pagsisikap ipamulat sa buong katotohanan, ang karanasan na nakasangkot."[23] May kinalaman ang metodo ng penomenolohiya sa pagtutol ni Ferriols sa pilosopikong pagsusuri sa pamamagitan ng mga konsepto.[24] Bagaman tinanggihan ni Marcel na mabílang sa mga pilosopo ng eksistensiyalismo, kagaya nina Jean-Paul Sartre, Simone de Beauvoir, Maurice Merleau Ponty, at iba pa, ang penomenolohiyang kaniyang ginamit sa akdang *Homo Viator* ay nakatuon sa karanasan ng tao sa kaniyang sariling eksistensiya o pagmemeron. Hindi maihihiwalay sa karanasang ito ang mga aktitud at iba pang saloobin na pinipiling tanggapin ng isang tao ukol sa mga pangyayari sa kaniyang búhay. Isa na rito ang pag-asa.

Sa makaeksistensiyang penomenolohiyang ginamit nina Ferriols at Marcel, inaanyayahan táyong magbabád sa ating mga natatanging karanasan sa mapagmuning paraan. Ayon kay Ferriols, mangyayari lámang ang ganitong uri ng pag-iisip kung matagumpay nating iiwasan ang dalawang uri ng pagkakamali. Ang una ay ang pagkakamaling may kinalaman sa panlahatang pananaw na namamalagi sa mga abstraktong idea at unibersal na konsepto. Mahigpit na tinututulan ng makaeksistensiyang penomenolohiko ang punto de bistang ganito lalo pa't marami ang nag-aakala na ito ang tanda ng pilosopiya. Ito mismo ang tinawag ni Ferriols na aktitud neo-Kantiano. Gaya ng nabanggit na, mahigpit ang pagtutol niya sa neo-Kantianismo sapagkat nakikita niya rito ang pangongonsepto ng táong tamad. Minsan umiiwas táyo nang labis sa isang uri ng pagkakamali para lámang humantong sa kasalungat ngunit kasintindi ring pagkakamali. Kayâ naman mahalaga ding unawain ang ikalawang uri ng pagkakamali: ang pamamalagi at pagkákulóng sa "init ng dibdib." Sa kasamaang palad, hindi pinagtuunan ng mahabang pagtalakay ni Ferriols ang pagkakamaling ito. Sa aking palagay, ang pagkukulang na ito ang pinagmumulan ng pagkiling ng ilang namimilosopiya sa paraang sinimulan ni Ferriols sa pagkalaban sa anumang may bahid ng pangongonsepto. Kayâ naman pagtutuunan ko ng pansin dito ang pagkakamaling may kinalaman sa pagpapadalá sa "init ng dibdib."

Ano ba ang ibig sabihin ng nagpapatangay sa alon ng damdamin o nagpapadalá sa init ng dibdib? Isang táong dinadamdam nang mabuti ang bawat karanasan

katamárang tinalakay na kanina. Para kay Ferriols, tama ang metodong ginamit ni Marcel sa pagsisiyasat ng pag-asa. Sang-ayon din si Ferriols sa mga sinabi ni Marcel ukol sa pag-asa.

[23]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 48.

[24]Ginagamit ko ang salitang "konsepto" rito ayon sa unang depinisyon na ibinigay ni Ferriols—konsepto bilang nilalaman ng isip na may malinaw at tumpak na hangganan.

ngunit hindi halos nag-iisip. Hindi natin mapaparatangan ng pangongonsepto ang táong ganito, ngunit hindi rin natin masasabing siya'y tumitingin sa kaniyang karanasan nang may pag-unawa; ni hindi posible sa táong nagpapadalá sa init ng dibdib ang magmuni ukol sa kaniyang mga damdamin sapagkat basta na lámang niyang ginagawa, sinasabi, o iniisip ang anumang bunsod ng mga ito. Malinaw nating makikita ang ganito sa kaso ng táong nakararanas ng dilim. Maaaring siya'y naghihinagpis sa pagkamatay o pagkawala ng isang mahal sa búhay. Anuman ang dahilan, kung magpapadalá sa kaniyang damdamin ang táong ganito, mauuwi siya sa pagkalugmok, pagpapakamatay o iba pang uri ng pagwasak sa sarili at sa kapuwa. Sa puntong ito natin tuwirang matatalakay ang pag-asa.

Bukod sa pagtalakay ng mga katangian ng pag-asa, nais ko ring ipakita na niligiran ni Ferriols ng malinaw na mga hangganan ang konsepto ng pag-asa na sinaliksik ni Marcel. Sa kaniyang pambungad, tinukoy ni Ferriols ang karanasan ng kadiliman bilang batayang kapaligiran ng pag-asa.[25] Ayon kay Ferriols, nararanasan lamang ang pag-asa sa mga pagkakataóng ang isang tao ay may pinagdadaanang kadiliman na tila bumibilanggo sa kaniya. Gayundin, hindi masasabing ang isang tao ay nakaranas ng pag-asa kung hindi siya natukso na isuko na lámang ang kaniyang sarili sa pagkalugmok. Sa madali't sabi, ang táong umaasa ay dumadanas ng damdamin na nagtutulak sa kaniya patungo sa pagkalunod sa kadiliman ngunit nakakayanan niyang pagsumikapang lumangoy patungo sa liwanag. Hindi basta na lámang pinangangatawanan ng táong umaasa ang pagsupil sa kadiliman sa pamamagitan ng kaniyang sariling pagsisikap na hindi magpatalo sa tadhana o sa pamamagitan ng pananatili sa pag-aakalang bubuti rin ang lahat dahil mas maraming kasiyahan kaysa lungkot sa mundo.

Bukod sa pagtukoy sa kapaligiran na pinag-uusbungan ng pag-asa, sistematikong inisa-isa at binalangkas din ni Ferriols ang mga tugon sa karanasan ng kadiliman na hindi maituturing na pag-asa. Orihinal na nagmula sa sanaysay ni Marcel ang talakayan ng optimismo, pesimismo, at estoisismo (stoicism) na nagpapatingkad ng pagkakaiba ng mga nabanggit na -ismo sa pag-asa. Ngunit ang tinalakay ni Marcel sa kaniyang nakaugalian nang maligoy na paraan ay maayos na inihanay at binigyang-kahulugan ni Ferriols.[26] Ayon sa kaniya, estoisismo ang tawag sa masidhing paglaban sa mapait na kapalaran. Optimismo naman ang aktitud ng táong namamalagi sa kasiyahan at liwanag na nakikita niya sa mundo. Iba ang tugon ng táong umaasa sapagkat nagagawa niyang piliin ang liwanag imbes na ang dilim, hindi lámang dahil sa sarili niyang pagsisikap kundi sa isang mahiwagang

[25]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 50.

[26]Ibid., 50–52.

karanasang nakararamdam siya ng pagiging ligtas sa panganib kahit na malinaw pa rin sa kaniya na tunay ang posibilidad ng kapahamakan.

Upang maunawaan natin kung paano umuusbong ang kabalintunaan sa karanasan ng pag-asa, pagtuunan natin ng pansin ang ilang halimbawang ibinigay ni Marcel. Kabilang na rito ang "problema ng isang tao na nawala ang minamahal. Habang nalulungkot ako, para bagang malinaw ko pa siyang nakikita, at buhay na buhay—ngayon, na wala na siya sa akin—kaysa noon, noong harap-harapan pa kaming nakikipagtagpo, at nakikipagkapuwa kalooban."[27] Ikabit natin itong siping ito sa isa pang halimbawa ni Marcel: isang ina na may anak na sundalong nawala habang nakikipaglaban sa giyera. Umaasa siyang makikita pa niya ulit ang kaniyang anak kahit na merong balitang dumating sa kaniya mula sa mga nakakita at naglibing sa bangkay nito. Kung titingnan ng isang tao mula sa labas ang ganitong karanasan at bibigkasin niya sa isang obhetibong paraan kung ano ang nangyayari, sasabihin lámang niya na walang batayan sa talagang nangyayari ang pag-asa nitong inang ito. May katwiran man ang obhetibong salaysay ukol sa nabanggit na ina, masasabi pa rin na kulang ito sapagkat hindi nito isinasangkot ang subhetibong karanasan ng táong umaasa.

Dito natin makikita na hindi maaaring magbigay ng balangkas ng pag-asa na tuwirang hindi personal. Binibigyang-diin nina Ferriols at Marcel ang pagbababád sa karanasan sa isang mapagmuning paraan upang maging subhetibong karanasan ang pag-asa. Ayon kay Marcel, sa gitna ng kadiliman, nagkakaroon ng di-maipaliwanag na karanasan ang isang tao na nagpapahiwatig sa kaniya na hindi pa itong dilim na bumabalot sa kaniya ang lahat. Meron pang iba bukod sa kadilimang may daláng pagdurusa, meron ding liwanag. At bagaman hindi pa talagang nakikita ng táong ito ang liwanag, nagsisimula na siyang bumaling patungo rito. Posible lámang ang ganitong galaw ng kalooban sa kapaligiran ng pakikipagbuklod ng tao sa kaniyang kapuwa, sa kapaligiran ng pag-ibig. At habang lumalalim ang pag-unawa ng tao sa pagiging marupok niya at ng kaniyang kapuwa, pati na ng kanilang pag-ibig, maaari niyang makutuban na merong lumaláng (creator) sa lahat na patúloy na humahawak sa bawat pangyayari. Para kina Ferriols at Marcel, sa puntong ito maaaring tanggapin ng tao ang kaniyang pagiging nilalang (created) na nakasalalay sa kamay ng Lumalang (Creator). Ang Lumalang ang siyang sabay na pinanggagalingan at pinatutunguhan ng pag-asa.

---

[27]Pagsasalin ni Ferriols kay Marcel ang nasa loob ng panipi (*Pilosopiya ng Relihiyon*, 66). Sa pagsasalin ni Emma Craufurd kay Marcel, ganito nakasulat ang bahaging aking sinipi: "A similar problem is presented when the beloved being whose disappearance I deplore seems to me more real and distinct now he is no longer with me than when I was able to enjoy a mutual and direct relationship with him" (Gabriel Marcel, *Homo Viator* [New York: Harper & Row, 1962], 31).

Ngayong nasulyapan na natin ang pag-unawa ng pag-asa na ipinakilala ni Marcel at pinalinaw ni Ferriols, masasabi na natin kung bakit kailangan natin ng konsepto ng pag-asa. Lumilipas ang pakiramdam na hindi pa itong dilim na nararanasan natin ang lahat; maaaring mabawasan ang sidhi ng kutob na anumang oras ay maaari nang suminag ang liwanag. Kumukupas ang kamalayan ng nilalang sa Lumalang. O marahil mas angkop na sabihing hindi maaaring patúloy na makipagtagpo ang limitadong nilalang sa di-limitadong Lumalang. Kayâ nga matapos dumaan ang mahiwagang karanasan na inilarawan ni Marcel, walang katiyakan kung kailan o kung paano nga ba maiibsan ang kadiliman. Mahabang paghihintay ang kasunod ng pagbaling sa liwanag na hindi pa nagpapakita. Sa panahon ng paghihintay, makatutulong ang konsepto sa táong nagsisikap na magpatúloy sa landas ng pag-asa sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kaniyang pag-unawa. Kung magiging malinaw sa táong umaasa kung ano ang pag-asa at kung ano ang mga tila pag-asa pero hindi naman, maiiwasan niya ang maraming pagkakamali.

Meron táyong mahihinuhang dalawang lihis na daan mula sa mga sinulat ni Marcel. Kung tatahakin ang mga lihis na landas na ito, maaaring mauwi ang manlalakbay sa mas masahol na kadiliman. May kinalaman sa pagpupumilit maulit ang nakagiginhawang karanasan ang nagbunsod ng paglalakbay patungo sa pag-asa. Ang táong tumutugon nang ganito ay tila naglulubid ng buhangin. Nagpapanggap siya na káya niyang iparanas sa kaniyang sarili ang mga damdaming minsang nakatulong sa kaniyang pagtanggi sa kadiliman. Kaparis ang taong ito ng nabanggit na kaninang nagpapadalá sa init ng dibdib. Ngunit sa pagkakataóng ito, ang tao ay hindi nagiging sunod-sunúran sa damdaming dumarating sa kaniya kundi sa mismong karanasan ng pagkakaroon ng mga ninanais niyang damdamin.

Ang ikalawang lihis na daan ay may kinalaman sa pagkakulong ng tao sa mga idea na káya niyang isipin ukol sa karanasang tinutukoy ni Marcel. Dito, maaaring malupig ng tigang na konsepto ang lahat ng misteryo ukol sa naturang karanasan. At kung magkagayon, hindi na maitututuring na landas ng pag-asa ang tinatahak ng tao kahit pa minsan niyang nadama ang batayang karanasan na tinatalakay ni Marcel. Imbes na malulong sa mga pampalubag-loob ng damdamin, ang táong ganito ay mabibilanggo sa mga purong abstraksiyon.

Kailangan nating malaman kung naliligaw táyo dito sa ikalawang lihis na landas. Hindi tuwirang sinabi ni Marcel o ni Ferriols kung paano natin magagawa ito. Sasabihin ko na ang makatutulong sa atin ang mabungang paggamit ng konsepto mula kay Wittgenstein. Hindi ko sinasabing balikán natin ang tinatawag ni Ferriols na bungang-isip sapagkat para sa isang táong naglalakbay sa pag-asa, may espesyal na dahilan kung bakit minsan hindi na posibleng ilubog muli ang laman ng kaniyang isip sa sinaunang pagtataká. Sa kaso ng pag-asa, hindi sakóp ng kakayahan ng tao ang iparanas muli sa sarili ang karanasan ng ginhawa at pagbaling sa liwanag

na hindi pa nakikita. Sa kaso naman ng ibang karanasan ng pagtataká, hindi maaaring ulitin ang nauna nang karanasan; maging ang pagtatangkang sariwain ang karanasang lumipas na ay may bahid na ng pagbabago at interpretasyon o pagbibigay-kahulugan.

Matapos bumaling ng táong nagsisimulang umasa sa liwanag na hindi pa talaga niya nakikita, kailangan niyang pagdaanan ang maraming sandali ng pagkabagot at pag-aalinlangan. Maraming agam-agam na maaaring dumating lalo na kung patúloy pa rin niyang nararanasan ang kadiliman. Hindi anting-anting na lulupig sa lahat ng suliranin ang karanasang batayan ng landas ng pag-asa. Kayâ naman kailangan nating magmasid nang mabuti ukol sa karanasan ng iba't ibang tao na tumatahak sa landas ng pag-asa upang kahimanawari'y may maratnan táyong lumalalim na pag-unawa, pag-unawang makatutulong sa atin upang patúloy na tahakin ang landas na ito. Kung masusi nating itatala at susuriin ang ating mga natuklasan, maaari táyong bumuo ng pilosopikong salaysay ukol sa pag-asa na nagtatampok ng sistematikong nakaayos na mga idea at konsepto. Hindi naman masamâ ang humantong sa ganitong salaysay. Sa katunayan, gumawa na rin ng tila ganitong salaysay si Ferriols. Sa palagay ko, kinilala niya mismo na kailangan natin ng konsepto ng pag-asa bagaman hindi niya tuwirang sinabi ang mga sinasabi ko rito.

Ilalahad ko ngayon ang salaysay ni Ferriols ukol sa konsepto ng pag-asa. Sa kaniyang pambungad sa sanaysay ni Marcel, inisa-isa ni Ferriols ang mga katangian ng táong umaasa:

> [K]atangian ng umaasa ang kaluwagang loob. Ang taong umaasa'y hindi nakikikompetisyon kanino man, kaya't hindi siya nagmamadali, hindi nagugulo ang loob niya. Hindi dahil sa katamaran, kundi mula sa panatag na kalooban. Umiiral sa kanya ang isang kaluwagang loob na nagpapasigla. Hawig sa kapanatagan ng isang taong magaling sa isang laro, o kaya matinong nakahanda sa pagsusulit. Tahimik siya, alisto, handang kumilus ng magaling. . . .
>
> Isa pang katangian ng umaasa ay ang pasensya. Ang pag-asa ay nasisilang sa abot tanaw ng pakikipagkapuwa tao, ng katapatan sa kapuwa tao.[28]

Sa paglalarawang ito, binibigyan táyo ni Ferriols ng malinaw na idea kung paano natin maaaring masabi na ang isang tao ay umaasa o hindi umaasa. Totoong hindi siya nagbibigay ng listahan ng mga kinakailangan at nakasasapat na kondisyon para tuwirang mapatunayan nang walang duda kung ang isang tao ay umaasa nga o hindi. Pero sa pamamagitan ng paglalarawang ating nakita, maaari nating sabihin

[28]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon,* 53.

na malamáng na hindi umaasa ang isang táong nakikipagkompetisyon at walang pasensiya. Kayâ nga maitututuring nating paglalagda ng guhit sa paligid ng meron ang ginawa ni Ferriols. At ganito ang kailangan nating gawin upang maiwasan ang dalawang lihis na landas na nabanggit na.

Hindi tahasang salungat sa mga sinasabi ni Ferriols ang aking punto. Sa katunayan, binanggit niya mismo ang wastong paggamit ng konsepto sa kaniyang akda ukol sa pilosopiya ng relihiyon. Matapos niyang pagtuunan ng pansin ang pakikipagtagpo sa banal, tinalakay niya ang isang uri ng makametapisikang pagmumuni-muni na kinakailangan upang tuwirang tumubo ang ating pag-unawa. Sabi ni Ferriols, ang konsepto ay “nagiging katipunan ng nakaraang karanasan, nagiging potensiyal sa pagpapatuloy sa tanong, kaalaman-di-kaalaman, malayang pasya. Tinawag kong ‘bungang isip’ ang konseptong ginagamit sa ganyang paraan. Posible lamang ang ganyang paggamit ng konsepto kung ang batayan at sentro at buod ng buong pag-unawa ay ang meron na dinamikong nagmemeron. Upang maisagawa iyan, kailangan ang malaya at tuluyang pagsisikap at tiyaga, tuluyang pagkagising sa meron na hindi makokonsepto at hindi mahuhulaan, pero kailangan palaging abangan.”[29]

Sinisikap nating mga mambabasa ni Ferriols na maunawaan kung paano nga ba natin gagawin ang tamang paggamit ng konsepto. Paano nga ba gumamit ng konsepto na nakabatay at nakasentro sa meron na dinamikong nagmemeron? Ang maikling sagot ni Ferriols na batay rin sa metodong ginamit ni Marcel ay mamalagi sa pagitan ng personal at unibersal. Kung kikiling táyo sa ating sarili bilang indibidwal, mahihiwaláy táyo sa lahat ng hindi-ako, pati na sa ating kapuwa. Kung kikiling naman táyo sa abstraktong unibersal na tila purong idea, magiging dayuhan táyo sa ating sarili. Ngunit hindi malinaw kung paano natin susundin ang ganitong payo lalo na’t may kalabuan kung paano maaaring iugnay ang salaysay na nakita nating ukol sa pag-asa at ang sinasabing pagitan ng personal at unibersal. Tila kailangan din natin ng salaysay ukol dito sa huli na nagtatampok ng sistematikong nakahanay na mga idea at mga konsepto.

Heto pa ang idinadagdag ko: kailangan natin ng matinong konsepto ng pag-asa na tutulong sa atin upang patúloy na tumahak sa landas patungo sa liwanag kahit na lumipas na ang bukod-tanging karanasan na naglunsad ng ating paglalakbay. Sa susunod na bahagi, magbibigay ako ng maikling paglalahad ng alternatibong pag-unawa ng konsepto na hindi nauuwi sa abstraktong unibersal sapagkat nakaugat ito sa pagkakakabit-kabit ng mga partikular na meron.

[29]Ibid., 22. Sa siping ito ginagamit ni Ferriols ang salitang “konsepto” sa ilalim ng ikalawang depinisyon.

TUNGO SA ALTERNATIBONG PAG-UNAWA NG KONSEPTO

Meron bang mga konsepto na malabò ang mga hangganan at may di-katiyakan ang nilalaman pero nagagamit pa rin nang tama? Ayon kay Wittgenstein, ganyan ang karaniwang konsepto—laro. Sa kaniyang pagtalakay, hinihimok táyo ni Wittgenstein na magmasid kung paano natin itinuturo ang salita o konsepto ng "laro" sa isang tao. Marahil, magbibigay táyo ng maraming halimbawa katulad ng laro ng baraha, laro ng mga bata, larong ahedres, laro sa Olympics, at iba pang uri ng palakasan. Hindi lahat ng laro ay may nananalo at natatalo, o ay nakatutuwa, o may malilinaw na panuntunan, simula, o katapusan. Totoong maraming uri ng laro ang maaaring tipunin sa ilalim ng mga katangiang ito at may mga laro na merong magkakaugnay at magkakahawig na mga katangian. Ngunit walang iisang bagay na matutukoy na meron ang lahat ng laro.[30] Ang punto ni Wittgenstein, walang iisang katangian o pangkat ng mga katangian na maaaring tawaging esensiya ng laro.

Ayon sa kaniya, ang samot-saring mga bagay na tinatawag nating laro ay masasabing magkakahawig tulad ng mga miyembro ng isang pamilya (family resemblance).[31] Nauunawaan natin ang pagiging magkakahawig ng mga miyembro ng isang pamilya kahit na wala táyong matukoy na iisang katangian na meron silang lahat. Magkamukha ang mga mata ng mag-ina, magkahawig ang hugis ng ulo ng magpinsan, parehong-pareho ang ilong ng tatlong magkakapatid, magkasintikas ang mag-ama, magkatulad tumawa ang mag-ale, parehong mag-isip ang maglola. At kung minsan, pag matagal nang nagsasáma ang mag-asawa, nasasabi rin nating magkahawig na sila.

Sinasabi rin ni Wittgenstein na kung sasariwain natin sa ating isip ang mga pagkakatulad ng mga miyembro ng pamilya at ng iba't ibang laro, matatauhan táyo na kathang-isip lamang ang esensiyang hinahanap at binibigkas ng mga pilosopo. Mahalaga para kay Wittgenstein na makita natin na ang wika, isang pangunahing paksa sa pilosopiya, ay konsepto na katulad ng laro. Ayon kay Wittgenstein, mas mahalaga na magtuon ng pansin sa mga masalimuot na ugnayan sa pagitan ng iba't ibang uri ng wika[32] kaysa maghanap ng iisang bagay na meron ang lahat ng

[30]Ludwig Wittgenstein, *Philosophical Investigations*, ikatlong edisyon, salin ni G. E. M. Anscombe (Malden: Blackwell, 2001 [1953]), 97.

[31]Ibid. Mula sa kaniyang pagtalakay ng karaniwang konsepto ng laro, sinusubok patunayan ni Wittgenstein na maituturing ding "family resemblance concept" ang wika (language), numero (number), at iba pang mga katagang interesante sa pilosopikong talakayan.

[32]Ang iba't ibang uri ng wika na tinutukoy ni Wittgenstein ay hindi ang mga wikang pambansa kundi ang wikang gamit sa pakikipagbiruan, pag-uutos, pagpapalitan ng kuro-kuro, pagtawad sa palengke, pagbibinyag, paglalarawan ng ating kapaligiran, atbp.

tinatawag nating wika: "Instead of producing something in common to all that we call language, I am saying that these phenomena have no one thing in common which makes us use the same word for all,—but that they are *related* to one another in many different ways. And it is because of this relationship or these relationships, that we call them all 'language.'"[33] Para kay Wittgenstein, ang wika ay isang halo-halong kabuuan.[34]

Kung isusulong natin ang idea ni Wittgenstein, masasabi natin na ang mga konseptong karaniwang ginagamit natin katulad ng "wika" at "laro" ay hindi katulad ng mga konseptong natatagpuan natin sa pagtalakay ng mga pilosopo katulad ng "Katotohanan" na nagsisimula sa malaking titik *K* at marami pang katulad nito. Nakahiligang mga konseptong may malilinaw at mababagsik na hangganan dito sa hungkag na konsepto ng mga pilosopo. Nanggagaling ang linaw at ang mababagsik na pamantayan ng pagiging tumpak sa isip ng sinumang tao na lumilimot sa mga partikular na halimbawa ng kaniyang pinagmumunihan. Ang táong ganito ay lumilimot din sa katutubong kilos ng kaniyang sariling isip. Kayâ nga sinabi rin ni Wittgenstein, minsan kung táyo'y namimilosopiya, para táyong mga táong nasisiraan ng bait dahil binabago pa natin ang pag-unawa sa mga konsepto at ideang walang diperensiya.[35] Sa bandang huli, dapat sanang maunawaan natin na ang karaniwang gamit ng mga kataga at konsepto ang tumpak, hindi ang mga patakaran at sistemang inimbento ng mga pilosopo.[36]

Handa na táyong ikabit itong mga idea ni Wittgenstein sa mga nasabi na ukol sa konsepto na magkakahawig tulad ng mga miyembro ng pamilya at ang kailangan nating konsepto ng pag-asa. Una, wala táyong maituturing na esensiyal na katangian ng mga táong umaasa o ng kahit na ano pang meron na ibig nating konseptuhin. Ikalawa, hindi ibig sabihin nito na walang pagkakahawig ang mga karanasan, kilos, at buong pagkatao ng mga táong umaasa. Sa madali't sabi, hindi táyo dapat humantong sa pag-iisip na walang silbing isipin na meron táyong tinutukoy kapag iniisip nating maaaring magtakda ng konsepto o kategoryang sasakop sa iba't ibang

[33]Wittgenstein, *Philosophical Investigations*, 65.

[34]Marami pa siyang idinagdag sa ideang ito. Nariyang sabihin niya na ilusyon lámang ang esensiya (97).

[35]"For philosophical problems arise when language *goes on holiday*. And *here* we may indeed fancy naming to be some remarkable act of mind, as it were a baptism of an object" (Wittgenstein, *Philosophical Investigations*, 38).

[36]Gaya ng nabanggit na, sa palagay ni Wittgenstein, inimbento lámang ng mga pilosopo ang mga esensiya: "When philosophers use a word—'knowledge,' 'being,' 'object,' 'I,' 'proposition,' 'name'—and try to grasp the *essence* of the thing, one must always ask oneself: is the word ever actually used in this way in the language which is its original home?—What *we* do is to bring words back from their metaphysical to their everyday use" (*Philosophical Investigations*, 116).

partikular na meron. May pagkakatulad at pagiging magkaugnay ang iba't ibang táong umaasa na katulad ng pagkakahawig ng mga miyembro ng isang pamilya. At kung aalalahanin nating ganito ang katutubong galaw ng pangongonsepto ng karaniwang tao, magiging mabunga ang ating pag-iisip. Sa palagay ko, ibig sabihin nito na magiging mabunga lamang ang ating pag-iisip kung magkakaroon ng pilosopikong pagsisiyasat ng mga natuklasan ng mga sikologo at mga gumagawa ng etnograpiya (lalo na sa etnograpiyang ginagawa sa larang ng sosyolingguwistika) ukol sa mga táong umaasa. Kung magkaroon ng empirikong sangkap ang pagmumuni-muni ng mga pilosopo, maaari nating makita ang masalimuot at interesanteng mga koneksiyon sa pagitan ng iba't ibang anyo nito.

Sa bandang huli, maaari nating ulitin ang isang pangugusap na binigkas ni Wittgenstein: na nása tamang ayos ang lahat. Binigkas ni Wittgenstein ang pangungusap na ito upang sabihin na hindi trabaho ng mga pilosopo na iwasto ang mga pangungusap at mga konsepto na ginagamit ng mga karaniwang tao. Sa halip, trabahong pilosopo na unawain at kilalanin ang organikong gamit ng mga kataga at konsepto sa pang-araw-araw na búhay.[37] Ibig ipahiwatig ni Wittgenstein dito na hindi nanggagaling ang wastong pag-iisip at wastong paggamit ng mga konsepto at kataga sa karunungan ng mga pilosopo. Bagkus, nasa tamang ayos ang lahat—ang pag-iisip, ang paggamit ng mga konsepto, ang pagbigkas ng mga kataga—sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga karaniwang tao. Kapag nauunawaan natin ito, lalo na kung sinasabi natin na umaasa sina Juan na namatayan ng ama, si Inday na nakaranas ng bagsik ng bagyong Yolanda, si Nena na may iniindang malubhang sakit, si Mang Jose na namatayan ng anak na pulis sa Mamasapano, at marami pang iba, tumutubo at lumalalim ang pag-unawa natin sa meron. Gumagamit táyo ng mga konsepto araw-araw, nagmumuni-muni man táyo o hindi. Ngayon, maaari na táyong mamilosopiya nang hindi nagiging labis na mapaghinala sa paggamit ng konsepto.

PASASALAMAT

Nagpapasalamat ako kina Jean Tan, Mark Calano, Mike Mariano, at Momok Barbaza para sa kanilang komentaryo sa mga idea na ginamit sa papel na ito. Gayun din, salamat kay Jonathan Chua at sa mga mambabasa ng manuskrito para sa *Perspectives in the Arts and Humanities Asia* para sa kanilang komentaryo sa unang bersyon ng aking papel.

[37]Wittgenstein, *Philosophical Investigations,* 98.

TALASANGGUNIAN

Cain, Seymour. *Gabriel Marcel's Theory of Religious Experience*. New York: Peter Lang, 1995.

de Waal, Frans. *Good Natured: The Origins of Right and Wrong in Humans and Other Animals*. Cambridge: Harvard University Press, 1996.

_____. *Our Inner Ape*. New York: Riverhead Books, 2005.

_____. *Primates and Philosophers: How Morality Evolved*. Princeton: Princeton University Press, 2006.

Ferriols, Roque J., SJ. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991.

_____. *Pilosopiya ng Relihiyon*. Ikalawang edisyon. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2001.

Jensen, Anthony K. "Neo-Kantianism." *The Internet Encyclopedia of Philosophy*. http://www.iep.utm.edu.

Marcel, Gabriel. *Homo Viator: Introduction to a Metaphysic of Hope*. Salin ni Emma Craufurd. New York: Harper & Row, 1962.

Wittgenstein, Ludwig. *Philosophical Investigations*. Ikatlong edisyon. Salin ni G.E.M. Anscombe. Malden: Blackwell, 2001.

Jacklyn A. Cleofas is Assistant Professor at the Department of Philosophy of the Ateneo de Manila University. She has a PhD in philosophy from the National University of Singapore. Her research interest is in ethical theory, especially metaethics and moral psychology. She may be reached at jcleofas@ateneo.edu.